PINOY RICE KNOWLEDGE BANK
www.pinoyrkb.com

HANDOUT series

For more information, please call/text us at: 0920-911-1398 or visit:
www.philrice.gov.ph | www.pinoyrkb.com | www.openacademy.ph

PalayCheck®

Ito ay mabisang sistema ng pamamahala ng palay na nagpapakita ng pinakamagandang teknolohiya bilang **Key Check**; nagkukumpara sa pinakamagandang pamamaraan ng pagpapalay sa kasalukuyang pamamaraan ng magsasaka; at natututo sa pamamagitan ng sama-samang diskusyon ng mga magsasaka upang mapanatili ang mataas na ani, kita, at ligtas na kapaligiran.

Walang mataas o mababang lupa na makikita matapos ang huling pagpapatag.

Ang lupang patag ay:

- nakakatulong sa mahusay na pamamahala ng tubig;
- nagpapataas sa kalidad ng binhing aanihin;
- nakakabawas sa dami ng tubig na kailangan upang punuin ang pinitak;
- nakakatulong sa pantay na pagpapatubig at drainage;
- nagreresulta sa maayos at pantay na paglaki ng halaman;
- nagpapadali sa paggamit ng makinarya sa pag-aani; at
- nagpapadali sa pagsasagawa ng controlled irrigation.

Ang lahat ng ito ay nakakatulong sa mas mahusay na pag-aabono; pamamahala sa damo; at pamamahala sa kuhol. Kung kakaunti ang kuhol, mas kakaunti ang nasisirang tundos, at mas madali ang paghuhulip.



Pagtataya ng Key Check

Sa panahon ng pagpapatag ng lupa, ang bukid ay dapat mayroong tubig na may lalim na 2-5 sentimetro (halos kasing taas ng hinlalaki ng kamay). Wala dapat makikitang tumpok ng lupa matapos ang huling pagpapatag.

PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice

Mga Rekomendasyon upang makamit ang Key Check

- Pag-aararo. Araruhin ang mga damo at pinaggapasan ng may lalim na 10 hanggang 15 sentimetro (sm) mula 3 hanggang 4 na linggo bago maglipat-tanim o sabog-tanim upang magkaroon ito ng sapat na panahon upang mabulok at makapagbigay ng sustansya sa lupa. Ang *drainage* ay nag-aalis ng mga *toxic* o nakalalasong elemento sa bukid, nakatutulong upang mabulok ang mga bagay na organiko sa lupa, at nakatutulong upang humaba at tumibay ang mga ugat ng palay. Mas mabilis ang pagkabulok sa lupang mamasa-masa.

- Linisin at ayusin ang mga kanal at pilapil. Ang mga *dike* ay dapat linisin upang umalis ang nga peste; siksikin upang maiwasan ang pagtagas ng tubig; at panatilihing may taas na 15 sentimetro at lapad na 20 sentimetro upang maiwasan ang paglulungga ng mga daga dito. Ang mga *ditches* ay makatutulong upang magkaroon ng pantay na distribusyon ng tubig sa bukid at magandang *drainage*.

- Pagsusuyod. Suyurin ang lupa ng hindi bababa sa dalawang beses (na may pagitan) sa isang linggo. Ang unang pagsusuyod ay dapat isagawa isang linggo matapos ang pag-araro upang mabasag ang mga tingkal ng lupa at upang maihalo sa lupa ang mga pinaggapasan.Sa pangalawang pagsusuyod, na sya ring unang pagpapatag, suyurin ang lupa sa pasalungat na direksyon ng unang pagsusuyod. Makatutulong ito upang tumubo ang mga nahulog na buto ng palay at damo. Ang ganitong mga kasanayan ay nakatutulong upang mabawasan ang paunang populasyon ng mga peste at halo sa mga barayting itatanim, at mapanatili ang hardpan.

- Patagin ang lupa. Gumamit ng paletang kahoy o *leveler*.

- Gumawa ng maliliit na kanal. Para sa sabog-tanim na palay, gumawa ng maliliit na kanal malapit sa pilapil na nakapaikot sa bukid at sa gitna ng pinitak upang magsilbing lagusan ng labis na tubig, hulihan/pulutan ng mga kuhol, at upang mapadali ang iba't ibang gawaing-bukid gaya ng paghuhulip at pagdadamo.

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice